# DATA ALERT

August 2025

# Suspensyon sa importasyon: Mababaw at pansamantalang solusyon ni Marcos Jr. sa matagal nang krisis sa presyo ng bigas

**Nito lamang unang linggo ng Agosto, inanunsyo ni Pangulong Marcos Jr. ang 60-araw na suspensyon sa pag-aangkat ng bigas simula Setyembre 1. Diumano, ang hakbang na ito ay upang protektahan ang mga magsasaka sa gitna ng pagbagsak ng presyo ng palay at kanilang kita, lalo na sa pagsapit ng anihan. Pero sinsero nga ba ang pangulo na protektahan ang kabuhayan ng mga magsasaka at tiyakin ang suplay ng pagkain sa bansa?**

Sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon, patuloy ang pagliit ng sektor ng agrikultura. Ayon sa IBON Foundation, nakapagtala lamang ng 0.2% na paglaki ang sektor sa ilalim ni Marcos Jr.[1] Sa ikalawang kwarto ng 2025, nasa 8.10% na lamang ang bahagi ng sektor ng agrikultura sa Gross Domestic Product (GDP), mula sa 8.90% noong 2022.[2]

Pinapalala ng pagliit ng sektor ng agrikultura ang kahirapan sa kanayunan. Sa konserbatibong datos ng gobyerno noong 2023, 22.1% ng populasyon sa kanayunan, kabilang ang mga magsasaka at mangingisda, ay itinuturing na mahirap, kumpara sa 10.3% sa kalunsuran.[3]

Bukod sa kawalan ng lupa at suporta mula sa gobyerno, lalong pahirap pa sa mga magsasaka, lalo na sa kababaihan ang liberalisasyon sa agrikultura. Ang Rice Liberalization Law (RLL) ang isang halimbawa nito. Laging idinadahilan ng gobyerno ang kawalan ng suplay ng bigas sa merkado kaya umano kailangang iliberalisa ang merkado para mag-angkat ng bigas. Ito umano ay upang madagdagan ang suplay ng bigas at mapababa ang presyo nito. Pero mahigit limang taon matapos isabatas ang RLL, nananatiling mataas ang presyo ng bigas, at ang mga magsasaka ay nakakaranas ng pagkalugi.

### *Mataas na presyo ng bigas*

Bigo ang administrasyong Marcos Jr. sa pagtugon sa usapin ng implasyon lalo na sa usapin ng bigas. Sa kabila ng bahagyang pagbaba sa implasyon ngayong taon, nananatiling mataas ang presyo ng mga batayang bilihin, partikular ng bigas. Ang rice inflation noong Pebrero 2024 ay umabot sa pinakamataas na 23.7% sa loob ng 15 taon, mula 24.6% noong 2009.[4]

Dahil dito, nagkaroon ng panahon na wala nang mabiling bigas na mas mababa sa ₱60. Sa mga pamilihan sa National Capital Region (NCR), ang reklamo ng mga kababaihan ay wala nang mabiling bigas na presyong ₱41 o ₱45, ang itinakdang price cap sa bigas bago ito bawiin ni Marcos Jr. noong Oktubre 2023.

[1] Africa, S. (2025, August 7). *Marcos Jr's rice populism: Short-term optics, long-term hunger.* IBON Foundation. https://www.ibon.org/marcos-jrs-rice-populism/
[2] PSA. Quarterly National Accounts Linked Series (Q1 2000 to Q2 2025)
[3] Philippine Statistics Authority. (2025, March 31). *Poverty incidence declined from 2021 to 2023 in ten basic sectors.* psa.gov.ph. https://psa.gov.ph/statistics/poverty
[4] IBON Foundation. (2024, March 5). Rice inflation highest in 15 years, shows gov't failing to manage inflation -- IBON.

Napakalayo nito sa ipinangakong ₱20 na bigas na bagama't ngayon ay kalat-kalat na ibinebenta sa pamamagitan ng bagong programang Benteng Bigas Meron Na (BBM Na!) at Kadiwa stores. Ngunit nananatili itong kapos dahil mas mataas pa rin sa ₱20 kada kilo ang bentahan at sa piling mga komunidad lamang ito makikita.

**Table 1. Price of Rice, January 2018-2024 (peso per kilogram)**

| Classification | 2018 | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 | 2024 | July 2025[5] |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Well-milled | ₱43.80 | ₱42.88 | ₱41.18 | ₱42.55 | ₱42.95 | ₱43.25 | ₱51.87 | ₱47.60 |
| Regular-milled | ₱37.26 | ₱39.15 | ₱35.80 | ₱38.07 | ₱38.81 | ₱39.25 | ₱44.01 | ₱41.31 |
| Special | ₱54.62 | ₱56.64 | ₱55.48 | ₱55.33 | ₱53.15 | ₱53.11 | ₱60.65 | ₱56.83 |

Source: Philippine Statistics Authority, GMA News

Sa survey na inilunsad ng Pulse Asia noong 2023, 85% ng sumagot ang nagsabing tumaas ang ginagastos ng pamilyang Pilipino sa pagkain lalo na sa bigas. Ayon sa resulta ng survey, mayorya o 53% ang sumagot na nagbawas sila ng kinakain sa huling tatlong buwan bilang pagtitipid na resulta ng pataas ng presyo ng pagkain.

### *Ang sagot ng gobyerno: Rice Liberalization Law (RLL)*

Sinasabing aspirasyon ng administrasyong Marcos Jr. ang "food sovereignty" ng Pilipinas. Pero sa halip na suportahan ang mga magsasaka at ang lokal na produksyon ng pagkain, walang atubili itong pumapanig sa importasyon ng agrikultural na produkto bilang tugon sa krisis sa pagkain.

Simula nang ipatupad ang RLL, sunod-sunod na taon nang nangunguna ang Pilipinas sa importasyon ng bigas sa buong mundo. Nag-aangkat ito ng average na 4.7 million metric tons (MMT) mula sa mga bansang Thailand, Vietnam, at iba pa. Naungusan nito ang Vietnam na nag-aangkat ng average na 3.6 MMT at China na nag-aangkat ng average na 3.1 MMT ng bigas. Ngayong taon, tinatayang 5.4 MMT hanggang 5.5 MMT ng bigas ang iaangkat ng bansa hanggang Agosto 2026.[6]

Lalong tinutulak ng pamahalaan ang mga nasa sektor ng agrikultura sa pagkalugi nang pagtibayin ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) noong Pebrero 2023. Ito ang pinakamalaking Free Trade Agreement (FTA) na binubuo ng 10 bansa mula sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) at FTA partners kasama ang China, Japan, South Korea, Australia at New Zealand.

[5]Cordero, T. (2025, August 9). 60-day rice import ban to cause P1-P2 hike in retail prices—group. *GMA News Online.* https://www.gmanetwork.com/news/money/economy/955356/60-day-rice-import-ban-to-cause-p1-p2-hike-in-retail-prices-group/story/
[6]Grain: World Markets and trade. (2025). In *United States Department of Agriculture.* USDA. https://apps.fas.usda.gov/psdonline/circulars/grain.pdf

### *Pagkalugi ng mga magsasaka at pagbagsak ng kita sa RLL*

Matindi ang epekto ng pagpasok ng gobyerno sa mga kasunduan para sa import liberalization o pagtanggal ng restriksyon sa mga produktong inaangkat, lalo na sa mga imported na pagkain na sagana ang lokal na produksyon. Ang pagtatakda ng zero tariff ay nagdulot ng malawakang pagkitil sa hanapbuhay ng mga magsasaka at manggagawang-bukid.

Ayon sa Amihan National Federation of Peasant Women (AMIHAN), matinding pagkalugi ang kinakaharap ng mga magsasaka dahil sa pagbagsak ng farmgate prices ng palay mula ₱20 noong 2018 tungong ₱8 hanggang ₱14 per kilo habang umaabot sa ₱60,000 hanggang ₱70,000 ang gastos ng mga magsasaka sa huling dalawang panahon ng pagtatanim.[7]

Dagdag pa, ang dating kinikita ng magsasaka na ₱32,976 net return kada ektarya ng palay ay naging ₱19,680 na lang mula noong ipinatupad ang Rice Liberalization Law.[8] Ang kita na ito ay mas maliit dahil sa pagtaas ng inflation. Hindi lang nalugi ang mga magsasaka, ngunit humina pa ang kanilang purchasing power o kakayahang bumili.

### *Bakit nga ba liberalisasyon ang tunguhin ng pamahalaan?*

Ilang dekada nang nagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran sa agrikultura ang gobyerno ng Pilipinas. Ang liberalisasyon sa agrikultura ay bahagi ng mga "structural reforms" na itinulak ng mga conditionalities na kaakibat ng mga pautang mula sa mga international financial institutions katulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB), Asian Development Bank (ADB), at iba pa simula pa noong dekada '60.[9]

Pagsapit ng dekada '80, lumalim pa ang reporma sa ilalim ng World Bank Structural Adjustment Loans (SALs), na nag-aatas ng deregulasyon sa presyo ng mga produktong agrikultural, pagbawas ng taripa at quantitative restrictions sa pag-angkat, at pag-angkop ng patubig at sistemang agraryo sa pangangailangan ng export-oriented crops. Dagdag pa rito ang pagpasok ng Pilipinas sa Agreement on Agriculture sa ilalim ng World Trade Organization (WTO) na lalong naglimita sa suporta o subsidyo ng gobyerno sa mga magsasaka.

Hanggang ngayon, nagpapatupad pa rin ang gobyerno ng liberalisasyon sa agrikultura na nagdulot ng paghina ng lokal na produksyon ng pagkain, pagbaba ng kita ng mga magsasaka, at pagbagsak ng kanilang kabuhayan.

[7] Amihan National Federation of Peasant Women. (2025, July 10). *The Amihan National Federation of Peasant Women and the rice watch group Bantay Bigas expressed support for the urgent enactment*. Facebook. https://www.facebook.com/amihanwomen/posts/groups-support-the-enactment-of-rice-industry-devt-act-repeal-of-rice-liberaliza/1046058164392722/
[8] Center for Women's Resources. (2024). Ulat Lila Marso 2024: Pambansang Kalagayan at Pakikibaka ng Kababaihang Pilipino.
[9] Montes, M. (1988). REVIEW OF STRUCTURAL ADJUSTMENT IN THE PHILIPPINES. *Journal of Philippine Development*, XV(2). https://core.ac.uk/download/pdf/6370816.pdf

***Ano ang dapat gawin?***

Para matiyak ang suplay ng pagkain sa bansa at mapangalagaan ang kabuhayan ng mga magsasaka, kinakailangang baguhin ang kasalukuyang patakaran sa agrikultura na nagdudulot ng pagkalugi at kahirapan sa mga magsasaka.

Kung talagang sinsero ang administrasyon, dapat na i-repeal ang mga patakaran gaya ng Rice Liberalization Law na pumipinsala sa kita ng mga magsasaka. Sa halip, itaguyod ang komprehensibong programa para sa industriya ng bigas sa pamamagitan ng panukalang Rice Industry Development Act. Kabilang dito ang modernisasyon ng makinarya at pasilidad na nasa kontrol ng mga magsasaka, pagsasanay, pananaliksik para sa mataas-ang-ani at matibay na binhi, at pagpapaunlad ng post-harvest facilities upang mabawasan ang pagkasayang ng ani.

Pinakamahalaga ring isabatas ang tunay na reporma sa lupa upang matiyak na ang mga magsasaka mismo ang may kontrol sa lupang kanilang sinasaka, kasama ang proteksyon laban sa pagpapalit-gamit ng lupa o land use conversion. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, masisiguro ang sapat at abot-kayang pagkain para sa mamamayan habang tinitiyak ang kabuhayan ng mga magsasaka.